# Survey ng Kamalayan ng mga Residente ng Adachi Ward para sa Pagbuo ng Plano sa Pagsusulong ng Multikultural na Kooperasyon

## Ulat (Buod na Bersyon)

Hunyo 2026

Adachi Ward

# Talaan ng mga Nilalaman

**Kabanata 1: Buod ng Survey ..... 1**
1 Layunin ng Survey ..... 1
2 Mga Kalahok sa Survey ..... 1
3 Panahon ng Survey ..... 1
4 Paraan ng Survey ..... 1
5 Kalagayan ng Pagkolekta ..... 1

**Kabanata 2: Mga Pangunahing Punto ng Resulta ng Survey ..... 2**
1. Survey para sa mga Dayuhan ..... 2
(1) Mga problemang nauugnay sa wikang Japanese ..... 2
(2) Intensyong lumahok sa mga aktibidad sa komunidad ..... 3
(3) Kamalayan tungkol sa consultation desk para sa mga banyaga ..... 4
(4) Kamalayan tungkol sa pagsasanay sa sakuna ..... 5
(5) Kamalayan tungkol sa mga evacuation center ..... 6
(6) Kamalayan tungkol sa chonaikai at kung kasapi o hindi ..... 7
(7) Kagustuhan sa paninirahan sa hinaharap ..... 8
2. Survey para sa mga Hapon ..... 9
(1) Kamalayan sa paninirahan ng mga dayuhan ..... 9
(2) Intensyong lumahok sa pagtataguyod ng multikultural na kooperasyon ..... 10
3. Paghahambing ng Survey para sa mga Dayuhan at Survey para sa mga Hapon ..... 11
(1) Paghahanda sa sakuna ..... 11
(2) Karanasan ng alitan ..... 12
(3) Kamalayan sa pamumuhay nang magkakasama sa lokal na komunidad ..... 13

# Kabanata 1: Buod ng Survey

## 1　Layunin ng Survey

Isinagawa ang survey na ito upang alamin ang kasalukuyang kalagayan ng mga dayuhang residente ng Adachi Ward at ang kamalayan ng lahat ng residente ng ward hinggil sa multikultural na kooperasyon. Gagamitin ang resulta bilang batayang datos sa pagbuo ng susunod na “Plano sa Pagsusulong ng Multikultural na Kooperasyon ng Adachi Ward,” at bilang sanggunian sa pagpapatupad ng mga patakaran at gawain ng ward kaugnay ng multikultural na kooperasyon sa hinaharap.

## 2　Mga Kalahok sa Survey

(1) **Mga dayuhang residente**

3,000 dayuhang residente ng ward na may edad 18 taong gulang pataas (random na pinili, hindi kasama ang mga napili bilang kalahok sa “2024 Survey sa Tunay na Kalagayan ng mga Dayuhan”)

*Pinili batay sa ratio ng populasyon ayon sa nasyonalidad at lugar ng tirahan

(2) **Mga residenteng Hapon**

2,000 Hapon na may edad 18 taong gulang pataas (random na pinili)

(3) **Panahon ng pagpili**

Lahat ng mga indibidwal ay rehistradong residente ng Adachi Ward noong Hunyo 1, 2025

## 3　Panahon ng Survey

Mula 2025/09/30 (Martes) hanggang 2025/10/17 (Biyernes)

* Dahil sa mga posibleng pagkaantala sa paghahatid ng serbisyo ng koreo, tinanggap namin ang mga pagsusumite hanggang Oktubre 22 (Miyerkules).

## 4　Paraan ng Survey

(1) Isinagawa ang survey sa pamamagitan ng pagpapadala at pagkolekta ng survey form sa pamamagitan ng koreo, pati na rin ang pagsagot sa pamamagitan ng internet.

(2) Sa survey para sa mga dayuhan, sinalin ang survey form na ginawa sa Japanese (may furigana) sa limang wika: English, Chinese (Simplified), Korean, Filipino (Tagalog), at Vietnamese, at ipinadala ito na may kalakip na tig-isang kopya: Japanese (may furigana) at wikang naaayon sa nasyonalidad.

(3) Para sa WEB form para sa pagsagot sa pamamagitan ng internet, ginawa lamang sa Japanese ang parehong survey para sa mga dayuhan at survey para sa mga Hapon.

(4) Upang mapataas ang response rate, nagpadala kami ng “Liham ng Pasasalamat at Kahilingan para sa Pagsagot” noong Oktubre 8 (Miyerkules).

## 5　Kalagayan ng Pagkolekta

| Mga kalahok sa survey | Bilang ng mga taong pinadalhan ng survey form | Sumagot sa papel | Sumagot sa WEB | Kabuuan | Response rate |
|---|---|---|---|---|---|
| (1) Mga dayuhang residente | 3,000 | 557 | 432 | 989 | 33.0% |
| (2) Mga residenteng Hapon | 2,000 | 526 | 460 | 986 | 49.3% |

# Kabanata 2: Mga Pangunahing Punto ng Resulta ng Survey

## 1. Survey para sa mga Dayuhan

### (1) Mga problemang nauugnay sa wikang Japanese


point

**(1) 60% ang sumagot na sila ay may problemang nauugnay sa wikangJapanese.**
**(2) Ang porsyento ng mga nahihirapan dito ay partikular na mataas sa mga nanirahan sa Japan nang wala pang limang taon.**

Sa tanong tungkol sa problemang nauugnay sa wikang Japanese, 61.2% ng mga dayuhan sa pangkalahatan ang sumagot ng “Oo” (kabuuan ng mga sumagot ng “Oo” at “Paminsan-minsan”).

Kung titingnan ang mga resulta ayon sa tagal ng paninirahan sa Japan, ang porsyento ng mga sumagot ng “Oo” na may problemang nauugnay sa wikang Japanese ay 80% pataas ng mga nanirahan sa Japan nang wala pang limang taon. Makikita na ang mga may maikling tagal ng paninirahan sa partikular ay nahihirapan sa wikang Japanese.

**Kung may problemang nauugnay sa wikang Japanese o wala [pangkalahatan at ayon sa tagal ng paninirahan]**



## (2) Intensyong lumahok sa mga aktibidad sa komunidad


point

**(1) Mahigit sa 40% ng mga dayuhan ang sumagot ng "Makikilahok kung interesado sa paksa o tema".**
**(2) Ang porsyento ng intensyong lumahok sa mga aktibidad ay partikular na mataas sa mga mula sa China at Vietnam.**

Sa tanong tungkol sa intensyong lumahok sa mga aktibidad sa komunidad, ang pinakamaraming sagot ng mga dayuhan sa pangkalahatan ay "Makikilahok kung interesado sa paksa o tema," na may 43.9%.

Kung titingnan ang mga resulta ayon sa nasyonalidad, ang porsyento ng mga sumagot ng "May intensyong lumahok" (kabuuan ng mga sumagot ng "Nakikilahok na," "Gustong makilahok," at "Makikilahok kung interesado sa paksa o tema") ay partikular na naging mataas sa China (71.9%) at Vietnam (64.3%).

**Kagusutuhang lumahok sa mga aktibidad ng komunidad [pangkalahatan at ayon sa nasyonalidad]**




*Ang "pangkalahatan" ay tumutukoy sa kabuuan ng lahat ng mga sumagot.

*Ang mga aytem na may bilang ng sagot (n) na mas mababa sa 30 ay hindi isinama sa paglalathala.


## (3) Kamalayan tungkol sa consultation desk para sa mga banyaga

**(1) Mahigit sa kalahati ng mga dayuhan ang sumagot ng "Hindi ko alam" tungkol sa consultation desk(*).**
**(2) Mas mababa ang kamalayan sa mga may maikling tagal ng paninirahan sa ward**

Sa tanong tungkol sa kamalayan tungkol sa consultation desk para sa mga banyaga, ang pinakamaraming sagot ng mga dayuhan sa pangkalahatan ay "Hindi ko alam," na may 54.9%, na sinundan ng "Alam ko ngunit hindi ko pa nagagamit," na may 31.3%, at "Alam ko at nagamit ko na ito," na may 7.5%.

Kung titingnan ang mga resulta ayon sa tagal ng paninirahan, pinakamataas ang porsyento ng mga sumagot ng "Hindi ko alam" sa mga nanirahan nang wala pang isang taon (65.7%), at sa mga nanirahan nang wala pang 10 taon, ang porsyento ng nakakaalam tungkol sa consultation desk para sa mga banyaga ay kalahati pababa.

**Kamalayan tungkol sa consultation desk para sa mga banyaga [pangkalahatan at ayon sa tagal ng paninirahan sa ward]**




*Ang consultation desk para sa mga banyaga ay tumutukoy sa Seksyon ng Pag-aayos sa Komunidad, Tanggapan para sa Multikultural na Kooperasyon sa ika-3 palapag ng South Wing ng Opisina ng Adachi Ward.


## (4) Kamalayan tungkol sa pagsasanay sa sakuna

> **point**
>
> **(1) Maraming dayuhan ang hindi alam ang tungkol sa pagsasanay sa sakuna, ngunit mataas ang porsyento ng gustong lumahok.**
>
> **(2) Mas mababa ang kamalayan tungkol sa pagsasanay sa sakuna sa mga may maikling tagal ng paninirahan sa ward.**

Sa tanong tungkol sa kamalayan tungkol sa pagsasanay sa sakuna, ang pinakamaraming sagot ng mga dayuhan sa pangkalahatan ay “Hindi ko alam, pero gusto kong lumahok sa hinaharap,” na may 39.6%, na sinundan ng “Alam ko, pero hindi pa ako nakalahok,” na may 28.4%, at “Nakalahok na ako,” na may 13.1%.

Kung titingnan ang mga resulta ayon sa tagal ng paninirahan sa ward, ang porsyento ng mga sumagot ng “Hindi ko alam” tungkol sa pagsasanay sa sakuna (kabuuan ng mga sumagot ng “Hindi ko alam, pero gusto kong lumahok sa hinaharap” at “Hindi ko alam at hindi ko rin gustong lumahok”) ay kalahati pataas sa mga nanirahan nang wala pang 10 taon. Makikita na ang mas mababa ang kamalayan sa mga maikli ang tagal ng paninirahan sa ward.

**Kamalayan tungkol sa pagsasanay sa sakuna [pangkalahatan at ayon sa tagal ng paninirahan sa ward]**




## (5) Kamalayan tungkol sa mga evacuation center

**(1) Mahigit sa 20% ng mga dayuhan ang sumagot ng "Hindi ko alam" tungkol sa evacuation center.**
**(2) Mas mababa ang kamalayan sa mga may maikling tagal ng paninirahan sa ward, at partikular na kapansin-pansin ito sa mga nanirahan nang wala pang isang taon.**

Sa tanong tungkol sa kamalayan tungkol sa evacuation center, ang pinakamaraming sagot ng mga dayuhan sa pangkalahatan ay "Alam," na may 47.2%, na sinundan ng "Narinig na," na may 26.6%, at "Hindi ko alam," na may 21.8%.

Kung titingnan ang mga resulta ayon sa tagal ng paninirahan sa ward, ang porsyento ng mga sumagot ng "Alam" ay kalahati pataas sa mga nanirahan nang limang taon pataas, habang ang porsyento ng mga sumagot ng "Hindi ko alam" ay partikular na mataas sa mga nanirahan nang wala pang isang taon, na may 41.0%. Makikita na mas mababa ang kamalayan sa mga maikli ang tagal ng paninirahan sa ward.

**Kamalayan sa pagsasanay sa sakuna [pangkalahatan at ayon sa tagal ng paninirahan sa ward]**




## (6) Kamalayan tungkol sa chonaikai at kung kasapi o hindi

> **point**
> **(1) Mahigit sa 50% ng mga dayuhan ang sumagot ng "Hindi kasapi" ng chokai o jichikai.**
> **(2) Mas mababa ang kamalayan tungkol sa chokai o jichikai sa mga may maikling tagal ng paninirahan sa ward.**

Sa tanong tungkol sa kamalayan tungkol sa katayuan ng pagsapi, 20.5% ng mga dayuhan sa pangkalahatan ang sumagot ng "Kasapi," at 54.7% naman ang sumagot ng "Hindi kasapi". Bukod pa rito, 15.4% ang sumagot ng "Hindi alam kung ano ang chokai/jichikai".

Kung titingnan ang mga resulta ayon sa tagal ng paninirahan sa ward, ang porsyento ng mga sumagot ng "Hindi alam kung ano ang chokai/jichikai" at "Gustong sumali ngunit hindi alam kung paano" ay humigit-kumulang 30% sa mga nanirahan nang wala pang limang taon.

**Kamalayan tungkol sa Chonaikai at kung kasapi o hindi**
**[pangkalahatan at ayon sa tagal ng paninirahan sa ward]**




## (7) Kagustuhan sa paninirahan sa hinaharap

**(1) Humigit-kumulang 85% ang sumagot na gusto nilang manatili sa ward.**
**(2) May matibay na intensyon na permanenteng manatili partikular sa mga may anak.**

Sa tanong tungkol sa intensyon ng paninirahan sa hinaharap, 85.8% ng mga dayuhan sa pangkalahatan ang sumagot ng "Gustong manatili" (kabuuan ng mga sumagot ng "Gusto kong manatili habambuhay" at "Gusto kong manatili sa ngayon"). Sa kabilang banda, 3.2% ang mga sumagot ng "Gusto kong lumipat sa labas ng Adachi Ward".

Kung titingnan ang mga resulta ayon sa kung may anak o wala, pinakamataas ang porsyento ng mga sumagot ng "Gusto kong manatili habambuhay" sa mga may anak sa Japan, na may 54.5%. Makikita na may matibay na intensyon na permanenteng manatili sa mga sambahayang nag-aalaga ng bata.

**Kagustuhan sa paninirahan sa hinaharap [pangkalahatan at kung may anak o wala]**



## 2. Survey para sa mga Hapon

### (1) Kamalayan sa paninirahan ng mga dayuhan


point

**(1) Sa tanong tungkol sa paninirahan ng mga dayuhan, humigit-kumulang 25% ang sumagot ng "Hindi kanais-nais".**
**(2) Mas makikita ang negatibong tendensiya sa mga nakababatang henerasyon.**

Sa tanong tungkol sa kamalayan sa paninirahan ng mga dayuhan, 24.2% ng mga Hapon sa pangkalahatan ang sumagot ng "Hindi kanais-nais" (kabuuan ng mga sumagot ng "Hindi kanais-nais" at "Masasabi na hindi gaanong kanais-nais"). Sa kabilang banda, 20.1% ang sumagot ng "Kanais-nais" (kabuuan ng mga sumagot ng "Kanais-nais" at "Masasabi na medyo kanais-nais").

Kung titingnan ang mga resulta ayon sa edad, pinakamataas ang porsyento ng mga sumagot ng "Hindi kanais-nais" sa mga nasa edad na 20s, na may 39.8%. Nakikita ang tendensiyang bumaba ito habang tumataas ang edad, na pinakamababa sa mga nasa 70 taong gulang pataas, na may 16.5%.

**Kamalayan sa paninirahan ng mga dayuhan [pangkalahatan at ayon sa edad]**




*Ang "pangkalahatan" ay tumutukoy sa kabuuan ng lahat ng mga sumagot.

*Ang mga aytem na may bilang ng sagot (n) na mas mababa sa 30 ay hindi isinama sa paglalathala.

## (2) Intensyong lumahok sa pagtataguyod ng multikultural na kooperasyon

point

**(1) Ang pinakamaraming sagot ay "Bumati at makipag-ugnayan sa mga dayuhan," na may halos 50%.**
**(2) Mas mababa ang motibasyon sa mga nakababatang henerasyon at humigit-kumulang 30% ng mga nasa edad na 20s ang sumagot ng "Wala akong magagawa o ayaw kong makilahok".**

Sa tanong tungkol sa intensyong lumahok sa pagtataguyod ng multikultural na kooperasyon, ang pinakamaraming sagot ng mga Hapon sa pangkalahatan ay "Makipagbatian at makipag-usap," na may 46.2%, na sinundan ng "Wala akong magagawa o ayaw kong makilahok," na may 23.8%, at "Kaswal na makikipag-usap sa mga dayuhan," na may 19.6%.

Kung titingnan ang mga resulta ayon sa edad, pinakamataas ang porsyento ng mga sumagot ng "Makipagbatian at makipag-usap " sa mga nasa 60 taong gulang pataas ay tumaas nang mahigit sa 50%. Bukod pa rito, mas mataas kaysa sa ibang age group ang porsyento ng mga sumagot ng "Mga aktibidad ng PTA, mga samahan ng magulang sa paaralan, atbp.," na may 13.6% sa mga nasa edad na 40s at "Mga aktibidad ng Chokai o Jichikai tulad ng evacuation drill at paglilinis," na may 28.6% sa mga nasa edad 70s pataas. Sa kabilang banda, pinakamataas ang porsyento ng mga sumagot ng "Wala akong magagawa o ayaw kong makilahok" sa mga nasa edad na 20s, na may 29.1%. Makikita ang tendensiya ng mababang motibasyon sa mga nakababatang henerasyon.

**Intensyong lumahok sa pagtataguyod ng multikultural na kooperasyon [pangkalahatan at ayon sa edad]**

| | Makipagbatian at makipag-usap sa mga dayuhan | Kaswal na makikipag-usap sa mga dayuhan | Makikipag-usap sa mga dayuhan tungkol sa mga kaugalian sa pamumuhay at mga patakaran | Makikipag-usap sa mga dayuhan sa komunidad | Magpaplano ng mga pagtitipon at kaganapan kasama ang mga dayuhan sa komunidad | Makilahok sa mga aktibidad ng chokai o jichikai tulad ng evacuation drill at paglilinis kasama ang mga dayuhan | Makilahok sa mga lecture kung saan pinapakilala ng mga dayuhan ang kultura ng kanilang bansa, wika, lutuin, atbp. | Makilahok sa mga aktibidad ng PTA, mga samahan ng magulang sa paaralan, atbp. kasama ang mga dayuhan |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Pangkalahatan(n=986) | 46.2 | 19.6 | 17.3 | 6.6 | 6.1 | 17.0 | 9.5 | 5.3 |
| 18-19 taong gulang(n=5) | 60.0 | 40.0 | 0.0 | 60.0 | 0.0 | 0.0 | 0.0 | 0.0 |
| 20-29 taong gulang(n=103) | 25.2 | 11.7 | 12.6 | 3.9 | 5.8 | 7.8 | 2.9 | 2.9 |
| 30-39 taong gulang(n=102) | 45.1 | 16.7 | 16.7 | 7.8 | 3.9 | 7.8 | 8.8 | 2.9 |
| 40-49 taong gulang(n=147) | 43.5 | 23.1 | 23.1 | 9.5 | 5.4 | 8.8 | 9.5 | 13.6 |
| 50-59 taong gulang(n=199) | 47.2 | 20.6 | 17.6 | 5.5 | 8.0 | 17.1 | 12.6 | 6.5 |
| 60-69 taong gulang(n=154) | 51.9 | 20.1 | 14.9 | 5.2 | 2.6 | 16.9 | 12.3 | 1.3 |
| 70 taong gulang pataas(n=273) | 52.0 | 20.1 | 17.6 | 5.9 | 7.7 | 28.6 | 8.4 | 4.0 |

| | Gumawa ng boluntaryong gawain tulad ng pagsasalin at interpretasyon | Gumawa ng boluntaryong gawain maliban sa pagsasalin at interpretasyon | Lumahok o tumulong sa mga gawain para suportahan ang mga dayuhang hindi pa sanay sa pamumuhay sa Japan | Lumahok sa mga pagpupulong para magbigay ng ideya o mungkahi para sa multikultural na kooperasyon ng ward | Iba pa | Wala akong magagawa o ayaw kong makilahok | Walang sagot |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Pangkalahatan(n=986) | 3.8 | 2.9 | 8.7 | 2.2 | 2.3 | 23.8 | 7.3 |
| 18-19 taong gulang(n=5) | 0.0 | 0.0 | 40.0 | 0.0 | 0.0 | 0.0 | 0.0 |
| 20-29 taong gulang(n=103) | 2.9 | 1.9 | 5.8 | 0.0 | 1.0 | 29.1 | 15.5 |
| 30-39 taong gulang(n=102) | 4.9 | 1.0 | 6.9 | 2.0 | 1.0 | 27.5 | 4.9 |
| 40-49 taong gulang(n=147) | 5.4 | 1.4 | 9.5 | 2.0 | 2.7 | 25.9 | 7.5 |
| 50-59 taong gulang(n=199) | 6.0 | 5.5 | 12.1 | 3.5 | 4.5 | 19.1 | 8.0 |
| 60-69 taong gulang(n=154) | 2.6 | 3.2 | 10.4 | 0.6 | 1.9 | 18.2 | 7.8 |
| 70 taong gulang pataas(n=273) | 1.8 | 2.9 | 5.9 | 3.3 | 1.8 | 26.4 | 4.0 |

*Ang "pangkalahatan" ay tumutukoy sa kabuuan ng lahat ng mga sumagot.

*Ang mga aytem na may bilang ng sagot (n) na mas mababa sa 30 ay hindi isinama sa paglalathala.

## 3. Paghahambing ng Survey para sa mga Dayuhan at Survey para sa mga Hapon

### (1) Paghahanda sa sakuna

point


**(1) Mas mataas ang antas ng pagpapatupad ng mga Hapon kaysa sa mga dayuhan para sa lahat ng mga hakbang laban sa sakuna, at partikular na may mas malaking pagkakaiba sa mga sumagot ng "Mga gamit na kakailanganin kapag lilikas" at "Nakumpirma ang lokasyon ng evacuation center".**

**(2) 20% ng mga dayuhan ang sumagot na "Walang ginagawang particular na paghahanda" para sa sakuna.**

Kung ihahambing ang mga sagot ng mga dayuhan at mga Hapon tungkol sa paghahanda sa sakuna, mas mataas ang antas ng pagpapatupad ng mga Hapon kaysa sa mga dayuhan para sa lahat ng mga hakbang. Malaki ang pagkakaiba partikular sa mga sumagot ng "May nakahandang mga gamit na kakailanganin kapag lilikas (flashlight, radyo, atbp." (mga dayuhan 37.5%, mga Hapon 57.8%) at "Alam at nakumpirma na ang lokasyon ng evacuation center" (mga dayuhan 25.8%, mga Hapon 41.7%).

Bukod pa rito, mas mataas ang porsyento ng mga sumagot ng "Wala sa partikular" sa mga dayuhan, na may 20.9%.

**Paghahanda sa sakuna [ayon sa mga sumagot]**



## (2) Karanasan ng alitan


point

**(1) 60% ng parehong mga dayuhan at mga Hapon ang sumagot ng "Wala naman" tungkol sa mga alitan.**
**(2) Maliban sa mga sumagot ng "Hindi pagkakaunawaan dahil sa wika," mas maraming mga Hapon ang nagbanggit na may mga alitan para sa lahat ng mga aytem.**

Kung ihahambing ang mga sagot ng mga dayuhan at mga Hapon tungkol sa karanasan sa mga alitan sa mga Hapon (o dayuhan), maliban sa mga sumagot ng "Hindi pagkakaunawaan dahil sa wika," mas maraming mga Hapon ang nagbanggit na may mga alitan para sa lahat ng aytem. Malaki ang pagkakaiba partikular sa mga sumagot ng "Mga patakaran sa pagtatapon ng basura" (mga dayuhan 4.7%, mga Hapon 18.2%) at "Paraan ng paggamit ng kuwarto, o tungkol sa ingay at mga tunog" (mga dayuhan 7.2%, mga Hapon 15.3%).

Bukod pa rito, nasa humigit-kumulang 60% ang porsyento ng mga sumagot ng "Wala naman" sa parehong grupo, habang mas mataas ang tendensiya ng kamalayan ng mga Hapon tungkol sa mga alitan.

**Karanasan sa alitan [ayon sa mga sumagot]**



## (3) Kamalayan sa pamumuhay nang magkakasama sa lokal na komunidad


point

**80% ng mga dayuhan ang sumagot ng "Nagkakaunawaan at namumuhay nang magkasama," habang humigit-kumulang 50% lamang sa mga Hapon.**

Tungkol sa tanong na "Sa tingin ba ninyo, sa Adachi Ward, ang mga Hapon at mga dayuhan ay nagkakaunawaan at namumuhay nang magkakasama bilang bahagi ng lokal na komunidad?," 80.4% ng mga dayuhan ang sumagot ng "Ganoon ang iniisip ko" (kabuuan ng mga sumagot ng "Talagang ganoon ang iniisip ko" at "Medyo ganoon ang iniisip ko"), habang 52.9% lamang sa mga Hapon.

Bukod pa rito, ang porsyento ng mga sumagot ng "Hindi ganoon ang iniisip ko" (kabuuan ng mga sumagot ng "Hindi ko iniisip iyon" at "Medyo hindi ganoon ang iniisip ko") ay 15.2% sa mga dayuhan, at makikita ang malaking pagkakaiba nito sa 42.7% sa mga Hapon.

**Kamalayan sa pamumuhay nang magkakasama sa lokal na komunidad [ayon sa mga sumagot]**



Survey ng Kamalayan ng mga Residente ng Adachi Ward para sa Pagbuo ng Plano sa Pagsusulong ng Multikultural na Kooperasyon - Ulat (Buod na Bersyon)

Hunyo 2026
Adachi Ward
1-17-1 Chuo-Honcho, Adachi-ku, Tokyo
TEL: 03 (3880) 5177